SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

# PANANAW NG MGA MAG-AARAL SA PAGKABALISA SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO AT PAG-UNLAD SA PAGKATUTO

**Ivony P. Santianes**
*Master of Arts in Teaching Filipino, Graduate School, Rizal Memorial Colleges, Inc. Davao City, Mindanao Island, Philippines*

**ABSTRAK**
*Ang pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino ay isa sa mga suliraning maaaring makaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang pananaw sa pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino at pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral, gayundin ang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Ginamit sa pag-aaral ang disenyong deskriptib-korelasyonal na may 130 mag-aaral bilang mga kalahok sa pamamagitan ng kabuuang bilang ng populasyon. Gumamit ang mananaliksik ng inangkop na talatanungan upang masukat ang mga baryabol ng pag-aaral. Ginamit ang mean at standard deviation upang matukoy ang antas ng mga baryabol, samantalang Pearson's r naman upang matukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol. Lumabas sa resulta ng pag-aaral na mataas ang antas ng pananaw sa pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral. Natuklasan din na mataas ang antas ng pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Higit pa rito, natuklasan na may katamtamang mataas na positibong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pananaw sa pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino at pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig ng resulta na ang pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino ay may kaugnayan sa pakikilahok, pagsisikap, at pagganap ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Inirerekomenda ng pag-aaral ang pagpapatupad ng mga estratehiyang makatutulong upang mabawasan ang pagkabalisa at mapalakas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino.*

**MGA SUSING SALITA**: *pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino, pag-unlad sa pagkatuto, akademikong pagganap*

## I. PANIMULA

### Ang Suliranin at Kaligiran Nito

Sa loob ng silid-aralan, kapansin-pansin na maraming mag-aaral ang nag-aatubiling gamitin ang wikang Filipino sa mga gawaing akademiko, lalo na sa pagsasalita at pakikilahok sa talakayan—isang sitwasyong iniuugnay sa pagkakaroon ng pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino sa loob ng pangsilid-aralan (Teimouri et al., 2019). Ipinakikita ito sa pamamagitan ng pag-iwas sa salitang pagsusulit, pag-aalinlangang sumagot sa kabila ng pagkakaroon ng kaalaman, at biglaang pagkawala ng mga kaisipan kapag nakararanas ng kaba. Ang ganitong mga karanasan ay hindi lamang sumasalamin sa kakulangan sa lingguwistikong kasanayan, kundi hudyat din ng mga hadlang sa damdamin na maaaring magdulot ng negatibong epekto sa proseso ng pagkatuto.

Sa mas malawak na konteksto, Napatunayan sa mga pag-aaral na ang labis na kalituhan o pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino ay nagdudulot ng mababang antas ng akademikong pagganap at nagiging hadlang sa malawak na pakikilahok ng mga mag-aaral. (Dewaele & Li, 2020), ipinakita rin sa resulta ng *Programme for International Student Assessment* (PISA) na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng pagkabalisa ay mas nahihirapan sa pag-unawa at paggamit ng wika (OECD, 2023). Ipinapahiwatig nito na ang pagkabalisa sa paggamit ng wika ay isang mahalagang salik na may implikasyon sa pag-unlad sa pagkatuto.

Sa kontekstong Pilipino, nananatiling hamon ang epektibong paggamit ng wikang Filipino sa loob ng silid-aralan sa kabila ng mga patakarang nagtataguyod nito bilang midyum ng pagtuturo (Department of Education, 2022). Ipinapakita sa mga ulat na ang mababang kasanayang pangwika ay may kaugnayan sa limitadong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampagtuturo-pagkatuto, kabilang ang talakayan at pagtataya (World Bank, 2021). Dagdag pa rito, ipinapahiwatig na ang pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino maging sa unang o ikalawang wika ay maaaring magpababa ng kumpiyansa at magdulot ng pag-iwas sa mga gawaing komunikatibo (Dewaele & Botes, 2025). Kaugnay nito, iniulat sa *Programme for International Student Assessment* (PISA, 2022) kasalukuyang kinakaharap ng mga mag-aaral sa Pilipinas ang malaking suliranin hinggil sa kakayahang bumasa at umunawa, na nagpapakita ng kakulangan sa malalim na pagproseso at paggamit ng wika sa akademikong konteksto (OECD, 2023). Sa kabuoan, malinaw na ang mga suliraning pangwika sa bansa kabilang ang pagkabalisa ay may direktang implikasyon sa pakikilahok at pagkatuto ng mga mag-aaral. Nagiging mas masalimuot ang suliraning ito sa mga rehiyong labas sa Katagalugan, kung saan ang Filipino ay hindi ang unang wika ng mga komunidad.

Sa lokal na konteksto ng isang pampublikong *junior high school* sa Hagonoy, Davao del Sur, makikita ang konkretong pag-iral ng pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino sa karanasan ng mga mag-aaral. Kapansin-pansin ang pag-aatubili ng mga makilahok sa pasalitang pagsusulit, talakayan, at pagpapaliwanag ng ideya, lalo na sa mga sitwasyong nangangailangan ng dagliang pagtugon. Ang ganitong pag-uugali ay maituturing ay maituturing na pagpapakita ng pagkabalisa sa silid-aralan sa paggamit ng wikang Filipino, na karaniwang iniuugnay sa takot na magkamali at pangambang mahusgahan (Teimouri et al., 2019). Ipinapakita rin na ang ganitong pagkabalisa ay nagdudulot ng pag-iwas sa pakikilahok at pagbaba ng tiwala sa sarili (Dewaele & MacIntyre, 2019), na humahadlang sa paglinang ng kasanayan sa pagpapahayag at pag-unawa na mahalaga sa akademikong pag-unlad (Mercer

& Gregersen, 2020). Sa gayon, ang silid-aralan ay nagiging isang lunsaran ang sili-aralan kung saan ang pagkabalisa ay direktang sumasagabal sa pakikilahok at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa kabila ng lawak ng pananaliksik hinggil sa pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino, karamihan sa mga ito ay nakatuon sa pagkatuto ng Ingles bilang ikalawang wika, habang nananatiling salat ang pagtalakay sa wikang Filipino bilang asignatura at wikang pang-akademiko. Ipinapakita sa mga sintesis na malinaw ang ugnayan ng pagkabalisa sa dayuhang wika (foreign language anxiety) sa pagbaba ng akademikong pagganap at pakikilahok (Botes et al., 2020). Gayunman, hindi gaanong napag-aaralan kung paano ito umiiral ang penomenong ito sa isang wikang itinuturing na pamilyar o katutubo, gaya ng Filipino. Sa makabagong kalagayan ng mga kabataang Pilipino, dulot ng pamamayagpag ng makabagong teknolohiya sa komunikasyon at pandaigdigang kaayusan ng pagtuturo, unt-unting nagbabago ang kanilang pakikipag-ugnayan sa wika; marami sa kanila ang mas bihasa sa Ingles kaya't ang Filipino—bagaman pambansang wika ay itinuturing na rin nilang banyaga o mahirap unawain kapag ginamit na sa pormal at akademikong talakayan.

Dagdag pa rito, ang mga umiiral na pag-aaral ay kadalasang tumitingin sa pangkalahatang akademikong pagganap at hindi sa espesipikong dimensiyon tulad ng indibiduwal at pangkatang pagganap (Hardacre & Guvendir, 2020), at nananatiling kulang ang mga empirikal na pag-aaral sa kontekstong Pilipino, lalo na sa antas ng junior high school. Dahil dito, may malinaw na pangangailangan para sa isang pag-aaral na susuri sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino at kung paano ito nauugnay sa kanilang pag-unlad sa pagkatuto sa isang tiyak na lokal na konteksto.

Batay sa mga nabanggit na suliranin, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino at tukuyin ang kaugnayan nito sa kanilang pag-unlad sa pagkatuto. Sa partikular, ninanais nitong masukat ang antas ng pagkabalisa sa iba’t ibang sitwasyon sa loob ng silid-aralan at matukoy kung paano ito may kaugnayan sa akademikong pagganap sa parehong indibiduwal at pangkatang gawain. Sa pamamagitan nito, inaasahang makapagbibigay ang pag-aaral ng mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng mga salik sa damdamin at proseso ng pagkatuto at magsilbing batayan sa paglinang ng mga estratehiyang pedagohikal na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

**Paglalahad ng Suliranin**

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang ugnayan sa pagitan ng pagkabalisa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino at ang kanilang pag-unlad sa pagkatuto. Sa katiyakan, tinangkang sagutin ng pag-aaral ang sumusunod:

1. Ano ang antas ng pagkabalisa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino batay sa:
1.1 pagsasalita;
1.2 pagsusulit; at
1.3 ebalwasyon?
2. Ano ang antas ng pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa:
2.1 indibiduwal na pagganap; at
2.2 pangkatang pagganap?
3. May makabuluhang ugnayan ba sa pagitan ng pagkabalisa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino at ng kanilang pag-unlad sa pagkatuto?

**Haypotesis**

Ang haypotesis ng pag-aaral na ito ay sinubok sa (0.05) antas ng kahalagahan.

$Ho_1$: Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagkabalisa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino at ng kanilang pag-unlad sa pagkatuto.

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay may mahalagang ambag sa iba’t ibang sektor ng edukasyon. Para sa mga mag-aaral, makatutulong ito sa pag-unawa kung paano nakaaapekto ang kanilang pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino sa kanilang pagkatuto, na maaaring magsilbing batayan upang mapabuti ang kanilang kumpiyansa at pakikilahok sa klase. Para sa mga guro, magbibigay ito ng mas malinaw na pananaw hinggil sa ugnayan ng mga salik sa damdamin at akademikong pagganap ng mga mag-aaral, na maaaring magamit sa pagbuo ng mga estratehiyang pampagtuturo na higit na nakatutugon sa kanilang pangangailangan. Para naman sa mga tagapamahala ng paaralan, maaaring magsilbi ang mga natuklasan bilang gabay sa pagdidisenyo ng mga programang pang-akademiko at interbensiyon na naglalayong mapabuti ang kapaligiran ng pagkatuto. Sa larangan ng pananaliksik, inaasahang makapag-aambag ang pag-aaral na ito sa umiiral na literatura hinggil sa pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino sa kontekstong Pilipino, partikular sa paggamit ng wikang Filipino, at magsilbing sanggunian para sa mga susunod pang pag-aaral na may kaugnayan sa pagkatuto at emosyonal na karanasan ng mga mag-aaral.

## II. METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang di-eksperimental na disenyo kuwantitatibong pananaliksik o (non-experimental quantitative research design), partikular ang deskriptibong korelasyonal na disenyo o (descriptive-correlational design). Ayon kina Creswell at Creswell (2018), ang disenyong deskriptibong korelasyonal na disenyo ng kuwantitatibong pananaliksik ay isang disenyo ng pananaliksik kung saan sinusuri ang mga baryabol nang hindi minamanipula o kinokontrol ng mananaliksik. Sa ganitong disenyo,

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

inilalarawan at sinusuri ang umiiral na kalagayan batay sa mga nakalap na datos mula sa mga kalahok. Angkop ang disenyong ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat nilalayon nitong suriin ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino at pag-unlad sa pagkatuto nang hindi binabago o iniimpluwensiyahan ang kanilang aktuwal na karanasan sa loob ng silid-aralan.

**Mga Kalahok ng Pananaliksik**

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng isang daan at tatlumpung (130) mag-aaral sa ikawalong baitang ng Hagonoy National High School mula sa limang (5) seksiyon sa taong panuruan 2025–2026. Pinili ang mga mag-aaral na ito bilang kalahok ng pananaliksik sapagkat sila ay kasalukuyang kumukuha ng asignaturang Filipino at aktuwal na nakararanas ng iba't ibang aktibidad sa loob ng silid-aralan na nakatuon sa paggamit ng wikang Filipino, partikular sa indibiduwal na pagpapahayag, palitan ng kuro-kuro, mga pagsubok sa kaalaman, at iba pang gawaing akademiko. Dahil dito, itinuturing silang angkop na mapagkukunan ng datos para sa pagsusuri ng pananaw hinggil sa pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino at pag-unlad sa pagkatuto.

**Mga Hakbang sa Pagsasagawa ng Pag-aaral**

Tinalima ng mananaliksik ang sumusunod.

*Paghingi ng Pahintulot sa Pagsasagawa ng Pag-aaral:* Bago isinagawa ang pag-aaral, kumuha muna ang mananaliksik ng Sertipiko ng Pag-apruba mula sa Research Ethics Committee (REC) bilang patunay ng pahintulot sa pagsasagawa ng pananaliksik. Matapos nito, humingi rin ng liham-endoso mula sa Dekano ng Paaralang Gradwado na may kaukulang awtorisasyon mula sa tagapayo ng pag-aaral. Ang mga dokumentong ito ay isinumite kasama ng liham-pakiusap sa Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay o *Schools Division Superintendent* (SDS) ng Sangay ng Davao del Sur upang humingi ng pahintulot sa pagpapatupad ng pag-aaral. Pagkatatapos mapagtibay ang hiling mula sa SDS, ipinasa rin ang katulad na liham sa Tagamasid Pansangay ng mga Pampublikong Paaralan o *Public Schools District Supervisor (PSDS)* at sa punong-guro ng Hagonoy National High School para sa pinal na pagpapatibay sa pagpapadaloy ng pananaliksik sa paaralan.

*Pamamahagi at Pagkuha ng Pahintulot ng mga Kalahok:* Matapos makuha ang mga kinakailangang pahintulot mula sa mga kinauukulang awtoridad, isinagawa ang pamamahagi ng kasunduan ng mag-aaral o (informed assent) para sa mga kalahok na may edad na mababa sa labingwalong (18) taong gulang at liham-pahintulot ng magulang o (informed consent) naman para sa mga kalahok na may edad na labingwalong (18) taong gulang pataas. Ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang kahalagahan ng kanilang paglahok, at ang pagiging kusang-loob ng pagsagot sa talatanungan. Ipinaunawa rin sa kanila na pananatilihing kumpidensiyal ang kanilang mga kasagutan at maaari silang tumangging lumahok sa pag-aaral anumang oras kung nanaisin nila.

*Pamamahagi at Pagkuha ng Talatanungan:* Matapos makuha ang pahintulot ng mga kalahok, ipinamahagi ng mananaliksik ang mga talatanungan sa mga mag-aaral ayon sa itinakdang iskedyul ng paaralan. Binigyan ang mga kalahok ng sapat na oras upang sagutin ang bawat pahayag nang tapat at maayos. Matapos masagutan ang mga talatanungan, agad ding kinuha at sinuri ng mananaliksik ang mga ito upang matiyak ang pagiging kumpleto ng mga tugon bago isagawa ang pagproseso ng datos.

*Pagtatala at Pagsasaayos ng Datos:* Pagkatapos makalap ang mga talatanungan, isinagawa ang pagtatala, pagkakoda, at pagsasaayos ng mga datos para sa pagsusuri. Ang mga nakalap na datos ay inihanay at inorganisa nang maayos upang maging handa sa estadistikal na pagsusuri at interpretasyon ng mga resulta ng pag-aaral.

**Pagsusuri ng Datos**

Ginamit ng mananaliksik ang iba't ibang estadistikal na kagamitan upang masuri at mabigyang-kahulugan ang mga nakalap na datos sa pag-aaral. Kabilang dito ang mean, standard deviation, at Pearson Product-Moment Correlation Coefficient o Pearson's r. Ang mga estadistikal na kagamitang ito ay ginamit upang matukoy ang antas ng pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino, antas ng pag-unlad sa pagkatuto, at ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol sa pag-aaral.

## III. PAGTALAKAY SA MGA KINALABASAN

**Antas ng Pananaw sa Pagkabalisa sa Paggamit ng Wikang Filipino**

Ipinakikita sa Talahanayan 1 ang mga resulta ng pananaliksik na tumutugon sa unang suliranin ng pag-aaral, na naglalayong alamin ang antas ng pananaw sa pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral. Partikular na sinuri sa pag-aaral ang tatlong pangunahing indikeytor ng pagkabalisa sa wika, ang mga ito ay ebalwasyon, pagsasalita, at pagsusulit.

Batay sa kabuuan resulta, nakamit ang kabuuang mean na 3.94 at pamantayang kamalian (SD) na 0.44 na nagpapakita ng mataas na antas. Ipinahihiwatig nito na madalas makaranas ng pagkabalisa ang mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang gawaing pang-akademiko. Bagama't aktibong ginagamit ang wikang ito sa loob ng silid-aralan, nananatili pa rin ang kaba, pag-aalinlangan, at kakulangan sa tiwala sa sarili, partikular sa mga gawaing nangangailangan ng pasalitang pagpapahayag. Ang ganitong sitwasyon ay maaaring magdulot ng limitasyon sa kanilang pakikilahok, malayang pagbabahagi ng kaisipan, at kabuoang pagganap sa mga gawaing pangklase.

Ang resulta ng pag-aaral ay sumusuporta sa natuklasan nina Teimouri et al. (2019) na nagsasabing ang pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino ay nananatiling mahalagang salik na nakaaapekto sa pakikilahok at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Dewaele et al. (2020) na ang pagkabalisa sa paggamit ng wika ay madalas na nararanasan sa mga sitwasyong nangangailangan ng pasalitang pakikilahok o (oral participation), pagsusulit, at

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

dagliang pagtugon sa loob ng silid-aralan. Dagdag pa rito, ipinakita rin nina Botes et al. (2020) na ang mataas na antas ng pagkabalisa sa wika ay maaaring magbunga ng pag-iwas ng mga mag-aaral sa mga gawaing nangangailangan ng aktibong pakikilahok at pagpapahayag ng kanilang mga kaisipan. Gayunpaman, ipinahayag nina Mercer et al. (2020) na ang pagkakaroon ng positibo at suportibong kapaligiran sa pagkatuto ay makatutulong upang mapababa ang antas ng pagkabalisa ng mga mag-aaral at mapataas ang kanilang tiwala sa sarili sa paggamit ng wika. Ang kaisipang ito ang nagsisilbing batayan kung bakit masusing pinaglaanan ng pansin sa kasalukuyang pag-aaral ang pisikal at sikolohikal na kaayusan ng silid-aralan. Ang pagtiyak na tahimik at walang presyur ang kapaligiran ay isang estratehikong hakbang upang maalis ang anumang panloob na hadlang (affective filter) na maaaring pumigil sa mga kalahok na maipahayag ang kanilang tunay na saloobin at kakayahan.

**Talahanayan 1.**
**Antas ng Pananaw sa Pagkabalisa sa Paggamit ng Wikang Filipino**

| Mga Indikeydor | Mean | SD | Antas |
|---|---|---|---|
| Pagsasalita | 3.91 | 0.67 | Mataas |
| Pagsusulit | 3.72 | 0.57 | Mataas |
| Ebalwasyon | 4.20 | 0.41 | Mataas |
| **Kabuoan** | **3.94** | **0.44** | **Mataas** |

Batay sa mga datos na inilalahad sa Talahanayan 1, ang indikeytor na may pinakamataas na mean ay ang ebalwasyon na may halagang (4.20) at SD na (0.41) na may antas na mataas. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng mataas na antas ng pagkabalisa tuwing sila ay sinusuri, tinataya, o binibigyan ng puna kaugnay ng kanilang pagganap sa asignaturang Filipino. Ipinakikita rin ng resulta na nagiging sensitibo ang mga mag-aaral sa posibilidad ng pagkakamali at negatibong paghusga ng kanilang guro at mga kaklase, na maaaring magdulot ng pag-aalinlangan sa sarili at pag-iwas sa aktibong pakikilahok sa klase. Bagama't ang ganitong uri ng pagkabalisa ay maaaring magsilbing motibasyon upang maging mas maingat ang mga mag-aaral sa kanilang pagganap, maaari din itong magdulot ng emosyonal na tensiyon na nakaaapekto sa kanilang kumpiyansa at kakayahang magpahayag ng kanilang kaalaman.

Ang resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Dewaele et al. (2020) na nagsasaad na ang takot sa negatibong ebalwasyon ay isa sa mga pangunahing pinagmumulan ng pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Kaugnay nito, ipinakikita din nina Teimouri et al. (2019) na ang mga sitwasyong may kaugnayan sa akademikong pagtataya at pampublikong pagsusuri ay karaniwang nagdudulot ng mataas na antas ng pagkabalisa sa wika. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Botes et al. (2020) na ang mga mag-aaral na nakararanas ng matinding ligguwistikong pagkabalisa ay mas nagiging maingat at mapanagutan sa kanilang pagganap dahil sa pangambang makaranas ng pagkakamali o negatibong puna. Gayunpaman, ipinahayag nina Mercer et al. (2020) na ang paggawad ng mapagkandili at positibong estratehiya sa pagtuturo ay makatutulong upang maibsan ang emosyonal na ligalig ng mga mag-aaral sa panahon ng ebalwasyon at pagtataya.

Samantala, ang indikeydor na pagsasalita ay nakakuha ng mean na 3.91 at SD na 0.67 na may antas na mataas. Ipinakikita nito na ang mga mag-aaral ay madalas ding nakararanas ng pagkabalisa sa mga gawaing nangangailangan ng pagsasalita gamit ang wikang Filipino, tulad ng pasalitang pagsusulit, talakayan, at pagpapahayag ng sariling opinyon sa loob ng klase. Ipinahihiwatig nito na maraming mag-aaral ang nakakaramdam ng kaba at kakulangan ng kumpiyansa sa sarili kapag kinakailangang magsalita sa harap ng kanilang guro at mga kaklase. Ang ganitong karanasan ay maaaring magdulot ng pag-aatubili sa pakikilahok at limitadong pagpapahayag ng kanilang ideya sa loob ng silid-aralan.

Ang resulta ng pag-aaral ay sinusuportahan nina Resnik et al. (2021) na nagsasabing ang mga mag-aaral na nakararanas ng pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino ay mas nagiging pasibo sa mga gawaing nangangailangan ng pasalitang pakikilahok at aktibong paggamit ng wika. Kaugnay nito, ipinakita rin nina Villegas-Puyod et al. (2020) na ang takot sa paghusga ng guro at kaklase ay may malaking implikasyon sa kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang target na wika. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Jia et al. (2025) na ang mataas na antas ng pagkabalisa sa pagsasalita ay maaaring magdulot ng paghinto ng pag-iisip at pagkawala ng ideya habang nagsasalita, na nagiging hadlang sa malinaw at epektibong komunikasyon ng mga mag-aaral sa loob ng klase.

Sa kabilang banda, ang indikeydor na may pinakamababang mean ay ang pagsusulit na may halagang 3.72 at SD na 0.57 na may antas na mataas. Ipinahihiwatig nito na bagama't mas mababa kumpara sa ibang indikeydor, nananatili pa ring mataas ang antas ng pagkabalisa ng mga mag-aaral tuwing sila ay sumasailalim sa mga pagsusulit sa asignaturang Filipino. Ipinahihiwatig nito na marami sa mga mag-aaral ang nakararanas ng kaba at pag-aalala hinggil sa kanilang kakayahang makasagot nang wasto at makakuha ng mataas na marka. Ang ganitong saloobin ay maaaring magdulot ng negatibong epekto sa kanilang atensiyon at tiwala sa sarili sa panahon ng pagsusulit, na kalaunan ay posibleng makaapekto rin sa kanilang pangkalahatang pagganap na akademiko.

Ang resulta ng pag-aaral ay umaayon sa natuklasan nina Wang et al. (2022) na nagsasabing ang pagkabalisa sa mga gawaing akademiko, tulad ng pagsusulit, ay maaaring makaapekto sa atensiyon at kakayahan ng mga mag-aaral na maipakita nang maayos ang kanilang natutuhan. Kaugnay nito, ipinakita rin nina Özdemir et al. (2025) na ang pagkabalisa sa pagsusulit ay may implikasyon sa emosyonal at kognitibong pagproseso ng mga mag-aaral, partikular sa kanilang kakayahang magpokus at magproseso ng impormasyon habang sumasagot sa pagsusulit. Gayunpaman, binigyang-diin nina Resnik et al. (2025) na ang emosyonal na karanasan ng mga mag-aaral ay hindi palaging nagdudulot ng negatibong epekto, sapagkat may ilang pagkakataong nagiging daan din ito upang maging mas determinado at responsable sila sa kanilang pag-aaral.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

Sa pangkalahatan, mataas ang antas ng pagkabalisa ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, partikular sa mga pagsusulit, ebalwasyon, at pasalitang gawain. Ipinahihiwatig nitong ang pagkabalisa ay isang kritikal na emosyonal na salik na nakaaapekto sa kumpiyansa, pakikilahok, at pagpapahayag sa silid-aralan. Bagaman ang katamtamang kaba ay maaaring magsilbing pampasigla sa mas maingat na pagganap, nananatiling krusyal ang pagtiyak sa isang mapag-aruga at kondusib na kapaligiran. Mahalaga ito upang maibsan ang matinding agam-agam at mapagtingting ang tiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa mga akademikong gawain.

**Antas ng Pag-unlad sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral**

Ipinakikita sa Talahanayan 2 ang mga resulta ng pananaliksik na tumutugon sa ikalawang suliranin ng pag-aaral, na naglalayong alamin ang antas ng pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Partikular na sinuri sa pag-aaral ang dalawang pangunahing indikador ng pag-unlad sa pagkatuto, ang mga ito ay indibiduwal na pagganap at pangkatang pagganap.

Batay sa kabuuang resulta, nakamit ang kabuoang mean na 3.88 at SD na 0.37 na may antas na mataas. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng mataas na antas ng pag-unlad sa pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ipinakikita ng resulta na ang mga mag-aaral ay may kakayahang makibahagi sa mga gawaing pampagkatuto, magpamalas ng pag-unawa sa mga aralin, at magsagawa ng mga gawaing pang-akademiko na may kaugnayan sa kanilang pagkatuto. Maaaring nagpapahiwatig din ito na ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng sapat na motibasyon, pakikilahok, at pananagutan sa kanilang sariling pag-aaral na nakatutulong sa kanilang pag-unlad sa loob ng silid-aralan.

Ang resulta ng pag-aaral ay sumusuporta sa pananaw nina OECD (2023) na nagsasabing ang aktibong pakikilahok at patuloy na paglinang ng mga kasanayan ng mga mag-aaral ay may mahalagang papel sa kanilang pag-unlad sa pagkatuto at pangkalahatang pagganap sa akademiko. Kaugnay nito, binigyang-diin din ng Department of Education (2022) na ang makabuluhang karanasan sa pagkatuto at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa iba't ibang gawaing pampagkatuto ay mahalagang salik sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan at pagkatuto. Dagdag pa rito, ipinahayag ng World Bank (2021) na ang positibong karanasan sa pagkatuto at pagkakaroon ng suportibong kapaligirang pang-edukasyon ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng akademikong kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Gayunpaman, binigyang-diin nina Hardacre et al. (2020) na ang emosyonal na salik tulad ng anxiety at pag-aalinlangan sa sarili ay maaari pa ring makaapekto sa pagganap at proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

**Talahanayan 2.**
**Antas ng Pag-unlad sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral**

| Mga Indikeydor | Mean | SD | Antas |
|---|---|---|---|
| Indibidwal na Pagganap | 4.15 | 0.43 | Mataas |
| Pangkatang Pagganap | 3.60 | 0.47 | Mataas |
| **Kabuoan** | **3.88** | **0.37** | **Mataas** |
| 1.00-1.80 = Napakababa<br>1.81-2.60 = Mababa | 2.61-3.40 = Katamtaman<br>3.41-4.20 = Mataas | 4.21-5.00 = Napakataas | |

Batay sa mga datos na inilalahad sa Talahanayan 2, ang indikeydor na may pinakamataas na mean ay ang indibidwal na pagganap na may halagang (4.15) at SD na (0.43) na may antas na mataas. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng mataas na antas ng pag-unlad sa kanilang sariling pagkatuto at pagganap sa asignaturang Filipino. Ipinakikita rin ng resulta na maraming mag-aaral ang may kakayahang magsagawa ng mga gawaing pang-akademiko nang may pananagutan, pagsisikap, at sapat na pag-unawa sa mga aralin. Maaaring nagpapahiwatig ito na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng higit na kumpiyansa sa kanilang kakayahan at mas nagiging aktibo sa pagtugon sa mga gawaing may kaugnayan sa kanilang sariling pagkatuto.

Ang resulta ng pag-aaral ay sinusuportahan nina OECD (2023) na ang paglinang sa indibiduwal na kakayahan at aktibong pakikilahok ay may malaking implikasyon sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, binigyang-diin ng Kagawaran ng Edukasyon (2022) at ng World Bank (2021) na ang sapat na paggabay, pagganyak, at mapagkandiling suporta ay nagpapalakas sa pananagutan at tiwala ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kakayahan. Gayunpaman, pinatunayan nina Dewaele et al. (2025) na bagama't mataas ang kapasidad ng mga mag-aaral na matuto, ang emosyonal na salik gaya ng pagkabahala ay nananatiling hadlang sa kanilang pakikilahok at malayang pagpapahayag ng kaalaman.

Sa kabilang banda, ang indikeydor na pangkatang pagganap ay nakakuha ng mean na 3.60 at SD na 0.47 na may antas na mataas. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nagpapakita rin ng mataas na antas ng pag-unlad sa mga gawaing nangangailangan ng pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa kanilang mga kamag-aral. Ipinakikita ng resulta na may kakayahan ang mga mag-aaral na makibahagi, magbahagi ng kaisipan, at makipagtulungan sa pangkatang gawain. Gayunpaman, bagama't mataas ang antas nito, mas mababa ito kumpara sa indibidwal na pagganap. Naisasalamin nito na may ilang mag-aaral na nakararanas pa rin ng pag-aatubili o kakulangan sa tiwala sa sarili tuwing sumasailalim sa mga gawaing may kinalaman sa interaksiyon at kolaborasyon sa loob ng klase.

Ang resulta ng pag-aaral ay umaayon sa pananaw nina Gillies (2016) na ang pangkatang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng pakikipag-ugnayan, kooperasyon, at pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ipinakita nina Mercer et al. (2020) na ang positibong interaksiyon at mapagkandiling kapaligiran ay mahahalagang salik upang mahikayat ang aktibong pakikilahok sa mga gawaing kolaboratibo. Sinang-ayunan din ito nina Dewaele et al. (2019) sa paggigiit na ang tiwala sa sarili at positibong emosyon ay may malaking ambag sa pakikibahagi ng mga mag-aaral sa pangkat. Gayunpaman, ipinahayag nina Botes

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

et al. (2020) na ang pagkabalisa sa wika ay maaari pa ring maging hadlang sa ganap na partisipasyon ng ilang mag-aaral sa mga gawaing nangangailangan ng pakikipagtalastasan at pakikipagtulungan.

Sa pangkalahatan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang antas ng pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, partikular sa aspekto ng indibiduwal at pangkatang pagganap. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may kakayahang makibahagi sa iba't ibang gawaing pampagkatuto, magpamalas ng pag-unawa sa mga aralin, at makipag-ugnayan sa kanilang mga kamag-aral sa proseso ng pagkatuto. Bagama't mas mataas ang antas ng indibidwal na pagganap kaysa pangkatang pagganap, nananatili pa ring mahalagang bahagi ng pagkatuto ang pagkakaroon ng positibong interaksiyon, suporta, at kolaborasyon sa loob ng silid-aralan. Dahil dito, mahalagang patuloy na mapaunlad ang mga estratehiya sa pagtuturo at mga gawaing pampagkatuto na magpapalakas sa kumpiyansa, aktibong pakikilahok, at kabuuang pag-unlad ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino.

**Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Pananaw sa Pagkabalisa sa Paggamit ng Wikang Filipino at Pag-unlad sa Pagkatuto**

Ipinamnamalas sa Talahanayan 3 ang resulta ng pagsusuri sa ugnayan sa pagitan ng pananaw sa pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino at pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ginamit sa pag-aaral ang Pearson Product-Moment Correlation Coefficient upang matukoy kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05.

Batay sa resulta ng pagsusuri, nakakuha ng r-value na (0.563) at *p*-value na (0.000) ang ugnayan sa pagitan ng pananaw sa pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino at pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral na may interpretasyong katamtaman at nagsasaad ng positibong makabuluhang ugnayan. Ipinahihiwatig nito na may umiiral na makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Dahil mas mababa ang p-value na (0.000) sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05, tinanggihan ang haypotesis na walang makabuluhang ugnayan. Ipinakikita rin ng resulta na habang tumataas ang antas ng pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino, tumataas din ang antas ng pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Maaaring nagpapahiwatig ito na ang ilang antas ng pagkabalisa ay nagiging dahilan upang maging mas maingat, responsable, at aktibo ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral at pagganap sa loob ng silid-aralan. Gayunpaman, hindi nangangahulugan na ang pagkabalisa ay tuwirang nagdudulot ng pag-unlad sa pagkatuto, sapagkat ipinakikita lamang ng resulta na may umiiral na makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol.

Ang resulta ng pag-aaral ay sumusuporta sa pananaw nina Teimouri et al. (2019) na ang pagkabalisa sa wikang Filipino ay may makabuluhang ugnayan sa akademikong pagganap at karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Binigyang-diin nina Dewaele et al. (2025) na ang mga salik ng damdamin tulad ng pagkabalisa ay nakaaapekto sa pakikilahok, pagpoproseso ng impormasyon, at pagganap sa mga gawaing pang-akademiko.

Gayunpaman, ayon kina Botes et al. (2020), maaari din itong magbunga ng pagiging mas maingat, determinado, at responsable ng mag-aaral upang maiwasan ang pagkakamali at negatibong pagkilatis.

Ang resulta ay maaari ring maipaliwanag sa pamamagitan ng *Affective Filter Hypothesis* ni Krashen (1982), na nagsasaad na ang pagkabalisa ay may implikasyon sa pagtatamo ng wika at pakikilahok sa pagkatuto. Umaayon din ito *sa Social Cognitive Theory* ni Bandura (1986) na nagpapahayag na ang gawi at pagganap ng mag-aaral ay hinuhubog ng kanilang pansariling salik at kapaligiran; ipinahihiwatig nito na sa kabila ng pagkabalisa, maaari pa ring umunlad ang mag-aaral sa pamamagitan ng pagsisikap at pag-angkop sa mga gawain.

Sa madaling salita, pinatutunayan ng integrasyon ng mga teoryang ito na ang sikolohikal na estado ng mag-aaral ay hindi static o permanente; nagagawa nitong mag-adapt batay sa suportang natatanggap sa kaniyang kapaligiran at sa antas ng kaniyang self-efficacy.

Sa kabilang banda, taliwas ito sa natuklasan nina MacIntyre at Gardner (1994) na ang mataas na pagkabalisa ay nagdudulot ng sagabal sa pagtutuon ng pansin, pagpoproseso ng impormasyon, at akademikong pagganap. Ang ganitong pagkakasalungat ay maaaring mag-ugat sa antas ng pagkabalisa na nararanasan ng mga mag-aaral.

Bagama't napatunayan nina MacIntyre at Gardner ang negatibong epekto ng labis na takot (chronic anxiety), ipinapakita naman sa kinalabasan ng kasalukuyang pananaliksik na ang kontroladong antas ng kaba ay maaari palang magsilbing positibong tensiyon na nagtutulak sa mga mag-aaral na maging mas mapanagutan at masusi sa kanilang indibiduwal at pangkatang pagganap.

**Talahanayan 3.**
**Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Pananaw sa Pagkabalisa sa Paggamit ng Wikang Filipino at Pag-unlad sa Pagkatuto**

| Baryabol | Korelasyon | | | |
|---|---|---|---|---|
| | r-value | p-value | Pasya sa $H_o$ | Interpretasyon |
| (X) Pananaw sa Pagkabalisa<br>(Y) Paggamit ng Wikang Filipino | 0.563 | 0.000 | Tinanggihan | Katamtaman at may positibong makabuluhang ugnayan |
| *Antas ng kahalagahan: 0.05*<br>*Alituntunin sa Pagpapasya: Tanggihan ang $H_o$ kung ang $p < 0.05$* | | | | |

Sa kabuoan, ipinakikita ng resulta ng pag-aaral na may katamtamang korelasyon at positibong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pananaw sa pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino at pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino ay may kaugnayan sa paraan ng pakikilahok, pagsisikap, at pagganap ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Ipinapakita nito na may kakayahan ang mga mag-aaral na baguhin ang kanilang sikolohikal na tugon (psychological response) mula sa pagiging depensibo tungo sa pagiging produktibo. Gayunpaman, ang pag-iral ng positibong ugnayang ito ay may limitasyon; kapag ang antas ng pagkabalisa ay lumampas sa kritikal na punto, maaari na itong magbunga ng emosyonal na pagka-pagod (burnout) at pag-iwas sa klase

## IV. MGA KONGKLUSYON AT MGA REKOMENDASYON

1.Lumabas sa pag-aaral na mataas ang antas ng pananaw sa pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral batay sa pagsasalita at pagsusulit, samantalang mataas hanggang napakataas naman batay sa ebalwasyon. Ipinahihiwatig nito na maraming mag-aaral ang nakararanas ng kaba, pag-aalala, at pagdududa sa sarili sa iba't ibang sitwasyong may kaugnayan sa paggamit ng wikang Filipino.

2.Natuklasan din na mataas ang antas ng pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa indibiduwal at pangkatang pagganap. Ipinakita ng resulta ng pag-aaral na maraming mag-aaral ang nagpapakita ng positibong pakikilahok, pananagutan, at pakikipag-ugnayan sa mga gawaing pampagkatuto sa asignaturang Filipino.

3.Natuklasan sa pag-aaral na may katamtamang mataas na positibong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pananaw sa pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino at pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino ay may kaugnayan sa paraan ng pakikilahok, pagsisikap, at pagganap ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto.

**Mga Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inilahad ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Para sa mga guro imunumungkahi ang pagpapatupad ng mga estratehiya at gawaing pampagkatuto na makatutulong sa pagbawas ng pagkabalisa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino, partikular sa mga aspekto ng pagsasalita, pagsusulit, at pagkilatis (ebalwasyon). Mainam ding magpanatili ng isang positibo at sumusuportang kapaligiran sa silid-aralan upang mapataas ang tiwala sa sarili at maisulong ang aktibong pakikilahok sa mga talakayan.

2. Para sa mga Mag-aaral Hinihikayat ang mga mag-aaral na higit pang paunlarin ang kanilang tiwala sa sarili sa paggamit ng wikang Filipino. Magagawa ito sa pamamagitan ng masiglang pakikilahok sa mga talakayan, gawaing pangkatan, at iba pang akademikong pagsasanay na nakatutulong sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman at kasanayan sa wika. Iminumungkahi na huwag nilang tingnan ang pagkakamali sa balarila (grammar) o pagbigkas bilang kahinaan, kundi bilang bahagi ng natural na proseso ng pagkatuto. Dapat nilang sanayin ang sarili sa pagpapahayag ng mga saloobin gamit ang sariling wika, hindi lamang sa loob ng silid-aralan kundi maging sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Ang patuloy na pagsubok na makipag-usap sa Filipino, sa kabila ng nararamdamang kaba, ay unt-unting magpapababa ng kanilang antas ng pagkabalisa at magiging daan upang maging matatas at natural ang kanilang paggamit ng wika.

3. Para sa mga susunod na mananaliksik. Inirerekomenda ang pagsasagawa ng mga kaugnay na pag-aaral na may mas malawak na saklaw, tulad ng pagsasama ng iba pang antas ng edukasyon o paghahambing sa pampubliko at pribadong paaralan. Iminumungkahi ring suriin ang iba pang baryabol na maaaring magdala ng pagkabalisa gaya ng estilo ng pagtuturo ng guro, katayuang sosyo-ekonomiko, at impluwensya ng teknolohiya. Sa paraang ito, makabubuo ng mas malawak at holistikong modelo na magpapaliwanag sa sikolohikal na aspekto ng pagkatuto ng wika.

## V. MGA SANGGUNIAN


1. *Bandura, A. (1986). Social foundations of thought and action: A social cognitive theory. Prentice-Hall.*
2. *Botes, E., Dewaele, J.-M., & Greiff, S. (2020). The power of anxiety: A systematic review and meta-analysis of foreign language anxiety and achievement. Studies in Second Language Acquisition, 42(5), 1115–1139.*
3. *Cohen, L., Manion, L., & Morrison, K. (2018). Research methods in education (8th ed.). Routledge. https://doi.org/10.4324/9781315456539*
4. *Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (5th ed.). SAGE Publications.*
5. *Department of Education. (2022). DepEd Order No. 034, s. 2022: School calendar and activities for the school year 2022–2023. Department of Education, Republic of the Philippines. https://www.deped.gov.ph*
6. *Dewaele, J.-M., & Botes, E. (2025). The evolution of emotion research in second language acquisition: A decade of anxiety and enjoyment studies. Modern Language Journal, 109(1), 45–62.*
7. *Dewaele, J.-M., & Li, C. (2020). Emotions in second language acquisition: A critical review and research agenda. Foreign Language World, 196(1), 34–49.*
8. *Dewaele, J.-M., & MacIntyre, P. D. (2019). The predictive power of multicultural personality traits, learner and teacher variables on foreign language enjoyment and anxiety. In J.-M. Dewaele & J. M. Mercer (Eds.), The psychology of language learning: Individual differences in second language acquisition (pp. 263–286). Routledge. https://doi.org/10.4324/9781351190558-12*
9. *Dewaele, J.-M., Witney, J., Chang, F., & Al-Moomani, I. (2019). Foreign language enjoyment and anxiety: The links between classroom demographics, teacher characteristics and L2 learner variables. The Modern Language Journal, 103(4), 850–870*

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
**EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)**
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

10. *Field, A. (2018). Discovering statistics using IBM SPSS statistics (5th ed.). SAGE Publication*
11. *Gillies, R. M. (2016). Cooperative learning: Review of research and practice. Australian Journal of Teacher Education, 41(3),39–54.*
12. *Hardacre, B., & Guvendir, E. (2020). Group performance versus individual performance: The role of communication anxiety in language classrooms. Language Teaching Research, 24(3), 312–330.*
13. *Horwitz, E. K., Horwitz, M. B., & Cope, J. (1986). Foreign language classroom anxiety. The Modern Language Journal, 70(2), 125–132. https://doi.org/10.1111/j.1540-4781.1986.tb05256.x*
14. *Jia, Y., Wang, L., & Zhang, H. (2025). Mind blanks and speaking anxiety: Exploring the cognitive bottlenecks of oral communication in a foreign language. System, 128, Article 103210.*
15. *Krashen, S. (1982). Principles and practice in second language acquisition. Pergamon Press.*
16. *Leedy, P. D., & Ormrod, J. E. (2019). Practical research: Planning and design (12th ed.). Pearson.*
17. *MacIntyre, P. D., & Gardner, R. C. (1994). The subtle effects of language anxiety on cognitive processing in the second language. Language Learning, 44(2), 283–305.*
18. *Mercer, S., & Gregersen, T. (2020). Teacher wellbeing and language teaching: A positive psychology perspective. Language Teaching Research, 24(5), 1–10. https://doi.org/10.31261/TAPSLA.9238*
19. *OECD. (2023). PISA 2022 Results (Volume I): The State of Learning and Equity in Education. OECD Publishing. https://doi.org/10.1787/53f23881-en*
20. *Özdemir, E., Yilmaz, M., & Topcu, S. (2025). Cognitive load and test anxiety in language assessments: An emotional processing perspective. Language Assessment Quarterly, 22(2), 145–163.*
21. *Pekrun, R. (2006). The control-value theory of achievement emotions: Assumptions, corollaries, and implications for educational research and practice. Educational Psychology Review, 18(4), 315–341. https://doi.org/10.1007/s10648-006-9029-9*
22. *Republic Act No. 10173. (2012). Data Privacy Act of 2012.*
23. *Resnik, P., & Dewaele, J.-M., & Knechtelsdorfer, M. (2021). Differences in foreign language classroom anxiety and enjoyment of German and Austrian school-internal and school-external language learners. International Journal of Multilingualism, 18(4), 540–556.*
24. *Resnik, P., Gold, L., & Schwieter, J. W. (2025). The driving force of anxiety: When emotional grit fosters foreign language achievement. Foreign Language Annals, 58(1), 89–108.*
25. *Teimouri, Y., Goetze, J., & Plonsky, L. (2019). Second pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino and achievement: A meta-analysis. Studies in Second Language Acquisition, 41(2), 363–387. https://doi.org/10.1017/S0272263118000311*
26. *Villegas-Puyod, M., Santos, R., & Reyes, M. (2020). Teacher evaluation vs. peer judgment: Sources of speaking anxiety among secondary students in bilingual contexts. Philippine Journal of Linguistics, 51, 72–95.*
27. *Wang, C., Assessment, L., & Liu, J. (2022). The impact of language test anxiety on cognitive performance and processing efficiency. Language Testing, 39(4), 511–534.*
28. *World Bank. (2021). Improving the Quality of Basic Education in the Philippines. World Bank Group. https://documents.worldbank.org.*